

Health Insurance Marketplace

TOOLKIT SA LINGGO NG TEMA NG PAGBUBUKAS NG ENROLLMENT NG MARKETPLACE

LINGGO NG PAGKILOS NG ASIAN AMERICANS, NATIVE HAWAIIANS & PACIFIC ISLANDERS (AANHPI) DISYEMBRE 1, 2024 – DISYEMBRE 7, 2024

Ang dokumentong ito ay naglalaman ng Mga Punto ng Pag-uusap, 5 Bagay na Kailangang Malaman ng mga Consumer, at Social Media Toolkit at Graphics para magamit ng mga partner kapag tinuturuan ang mga consumer tungkol sa Health Insurance Marketplace Open Enrollment Period.

Pakibisita ang ating [Reference Sheet](#) para sa mga mapagkukunan upang makatulong na isulong ang Marketplace Open Enrollment Period sa mga tao sa iyong komunidad na kailangang magpa-enroll sa pangkalusugan na insurance.

Mga Punto sa Pag-uusap para sa Linggo ng Pagkilos ng AANHPI:

- Salamat sa bagong panuntunan, ang Deferred Action of Childhood Arrivals (DACA) at ilang iba pang imigrante ay kwalipikado na ngayong mag-enroll sa saklaw ng kalusugan sa pamamagitan ng Marketplaces.
- Ang pag-access sa saklaw ng kalusugan ay mahalaga upang matiyak na ang mga komunidad ng Asian-American, Native Hawaiian, at Pacific Islander (ANHPI) ay maaaring pangalagaan ang kanilang kalusugan at protektahan ang kanilang sarili at ang kanilang mga pamilya mula sa mataas na gastos sa medikal.
- Ang Affordable Care Act ay tumulong na mapababa ang uninsured rate para sa mga Asian American. Sa kabila ng mga nadagdag na ito, malaki ang pagkakaiba sa mga antas ng hindi naka-insured sa mga subgroup ng AA at NHPI, mula 3.6% para sa mga Japanese American hanggang 7.8% para sa mga Korean American at 12.4% para sa mga Native Hawaiian at Pacific Islanders noong 2022.
- Noong 2021, pinalawak ng American Rescue Plan ang pagkakaroon ng tulong pinansyal para sa coverage sa pamamagitan ng Marketplace, na ginagawang available ang tulong pinansyal sa mas maraming consumer at sa mas mataas na antas.
- Salamat sa Inflation Reduction Act, ang mga tao kabilang ang mga indibidwal sa komunidad ng AANHPI, ay patuloy na magiging kwalipikado para sa tulong sa pagbili ng de-kalidad na coverage sa kalusugan.
- Kahit na hindi ka naging kwalipikado para sa tulong sa nakaraan, maaari kang maging kwalipikado para sa tulong ngayon. Kung hindi ka naka-insured ngayon na ang oras para maghanap ng de-kalidad na planong pangkalusugan sa mas mababang halaga.
 - 4 sa 5 mga customer ng [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) ay makakahanap ng plano para sa \$10 o mas mababa bawat buwan sa tulong pinansyal.
- Ang lahat ng mga plano sa Marketplace sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) ay komprehensibo at dapat sumaklaw sa 10 mahahalagang benepisyo sa kalusugan, mula sa mga serbisyong pang-emergency hanggang sa mga serbisyong pang-proteksyon sa kalusugan, kalusugan ng isip, mga serbisyo sa paggamit ng substance, at mga inireresetang gamot.
- Ang mga taong AANHPI na gusto ng coverage sa pamamagitan ng [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) ay hinihikayat na mamili upang makita kung makakahanap sila ng plano na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan.

Health Insurance Marketplace

- Ang mga walang insurance na AANHPI consumers, ang mga hindi nakakatanggap ng coverage sa pamamagitan ng kanilang mga trabaho, o ang mga maaaring nawalan ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan ay maaaring maging karapat-dapat para sa saklaw ng kalusugan sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov).
- Ang mga AANHPI consumers na gustong magpa-enroll sa saklaw ng kalusugan ay maari ding bumisita sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.
- Upang makahanap ng lokal na tulong mula sa Navigator o sertipikadong tagapayo sa aplikasyon, o upang makontak ng isang ahente o broker na nakarehistro sa Marketplace, dapat bisitahin ng mga consumer ang [HealthCare.gov/find-local-help](https://www.healthcare.gov/healthcare/find-local-help)
- Para sa mga mapagkukunan na naisalin sa karagdagang mga wika bisitahin ang, <https://www.cms.gov/marketplace/in-person-assisters/outreach-education/materials-multiple-languages>.

5 Mga Bagay na Kailangang Malaman ng Mga Consumer tungkol sa Pagbubukas ng Enrollment ng Marketplace:

1. **Mga Importanteng Petsa!** Ang Pagbubukas ng Enrollment ng Marketplace Open sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) ay tumatakbo mula Nobyembre 1 hanggang Enero 15. Ang mga mamimili na nais ng saklaw sa kalusugan simula Enero 1 ay dapat na magpatala sa pagkakasakop bago ang Disyembre 15. Ang mga mamimili ay dapat magpatala bago ang Enero 15 upang magkaroon ng saklaw na magsisimula sa Pebrero 1. Kung hindi, ang mga consumer ay kailangang maging kwalipikado para sa Espesyal na Panahon ng Pagpaparenroll para makapag-enroll sa isang plano sa Marketplace.
2. **Abot-kaya ang Coverage!** Salamat sa bagong batas mula 2022, ang Inflation Reduction Act (IRA), mas maraming tao ang kwalipikado para sa tulong sa pagbili ng de-kalidad na saklaw sa kalusugan. Kung naghanap ka na ng saklaw sa kalusugan dati, ito ay mahalaga na muling matignan:
 - 4 sa 5 mga customer ng [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) ay makakahanap ng plano para sa \$10/buwan o mas mababa na may tulong pinansyal.
 - Sa IRA, milyun-milyong tao ang patuloy na magiging kwalipikado para sa mga kredito sa buwis na nagpapababa ng kanilang mga premium.
3. **Mga Planong de-Kalidad!** Ang Marketplace ay nag-aalok ng de-kalidad, komprehensibong mga plano sa pangkalusugan na insurance na nagbibigay ng saklaw para sa mga pagbisita sa doktor, pangangalaga sa emerhensiya, pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali, pangangalaga sa pag-iwas, pangangalaga sa ospital, pangangalaga sa maternity, at mga inireresetang gamot.
 - Mayroon ding mga bagong opsyon sa plano na nag-aalok ng mga katulad na disenyo ng benepisyo at higit pang mga serbisyong pre-deductible.
4. **Available ang Tulong!** Maaaring ma-access ng mga consumer ang Mga Navigator at iba pa sa bawat estado sa Marketplace. Upang makahanap ng lokal na tulong pumunta sa [HealthCare.gov/find-local-help](https://www.healthcare.gov/healthcare/find-local-help).
5. **Mag-sign Up para sa Saklaw!** Lahat ng mga consumer ay namimili para sa saklaw ng pangkalusugan na insurance — kahit na ang mga kasalukuyang may saklaw sa pamamagitan ng Marketplace — ay dapat mag-enroll o muling magpa-enroll sa pamamagitan ng pag-log in sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) at [CuidadodeSalud.gov](https://www.cuidadodesalud.gov) o tumawag sa 1-800-318-2596 (TTY ay 855-889-4325) upang punan ang aplikasyon at mag-enroll sa Marketplace plan. Ang libreng tulong ay available 24 oras sa isang araw/ 7 araw sa isang linggo, at ang tulong ay available sa higit sa 200 mga wika.

Health Insurance Marketplace

Social Media Toolkit at Graphics:

Linggo ng Pagkilos ng AANHPI		
PETSA NA NAKA-POST	KOPYA NG POST	GRAPHICS
Disyembre 1 st -Disyembre 7 th	Mahigit sa 1.5 milyong #AANHPIs na pinili ang Marketplace plan noong 2023— salamat sa #InflationReductionAct, available pa rin ang karagdagang tulong pinansyal na natanggap nila noong nakaraang taon. Mag-enroll na ngayon at #GetCovered! https://www.healthcare.gov/get-coverage #MarketplaceOE	
	Ang tulong pinansyal na nagpababa sa mga premium ng Marketplace noong nakaraang taon ay magpapatuloy para sa saklaw ng 2025— 4 sa 5 customer ang makakahanap ng plano sa halagang \$10 o mas mababa sa isang buwan. Tuklasin ang iba't ibang mga plano at #GetCovered at: https://www.healthcare.gov/get-coverage #MarketplaceOE	
	Protektahan ang iyong kalusugan gamit ang 2025 coverage! Sinasaklaw ng lahat ng plano ng HealthCare.gov ang mahahalagang benepisyo tulad ng mga serbisyong pang-iwas at pangkalusugan, mga reseta, at higit pa. #GetCovered ngayon sa: https://www.healthcare.gov/get-coverage #MarketplaceOE	